Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO GRADE 7

## MANAGEMENT AND DEVELOPMENT TEAM

**Pangkat sa Pagbuo ng Modyul:**

| | |
|---|---|
| Manunulat | : John Paul L. Laurio, TI |
| Tagapaglapat | : Alma N. Dimapilis, MT 1 |
| Patnugot sa Nilalaman | : Museta DR Dantes, PSDS<br>Liezl M. Evangelista, HT VI |

**Pangkat Tagapamahala:**

| | |
|---|---|
| Panrehiyong Direktor | : Malcolm S. Garma, Director IV |
| Tagapamahalang ng mga Paaralang Sagay | : Maria Magdalena M. Lim, CESO V |
| Tagapamuno ng CLMD | : Genia V. Santos |
| Tagapamuno ng CID | : Aida H. Rondilla |
| Panrehiyong Suprebisor (EPS- Learning Area) | : Gloria Tamayo, EPS |
| Panrehiyong Superbisor sa EPS-LR | : Dennis M. Mendoza |
| Pandibisyong Superbisor (EPS- Learning Area) | : Edwin Remo Mabilin |
| Pandibisyong Superbisor sa EPS-LR | : Lucky S. Carpio |
| Panrehiyong Biblyotekaryo | : Nancy M. Mabunga |
| PDO II | : Albert James P. Macaraeg |
| SDO, Pandibisyong Bibliyotekaryo II | : Lady Hannah C. Gillo |




**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

# Aralin 1 — Pagsusuri sa Dulang Pantelebisyon

## Inaasahan

Ang modyul na ito ay binuo para sa iyong patuloy na pag-unlad bilang mag-aaral. Magagamit mo ang mga kasanayan at kaalamang malilinang sa tulong nito at ng iyong pagsusumikap.

Sa pagtatapos ng aralin na ito, ikaw ay inaasahang:

Nasusuri ang mga elemento at sosyo-historikal na konteksto ng napanood na dulang pantelebisyon

## Unang Pagsubok

**Panuto**: Basahin at unawain ang sumusunod na mga pangungusap. Piliin ang **TITIK** ng may angkop na tuon o diin ng pagsusuri sa ipinahihiwatig ng bawat konteksto. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

1. Tunay ngang nakatatak na sa kasaysayan ng telebisyon ang seryeng **"Pangako Sa'yo"** dahil sa magandang kuwento at mahusay na pagganap ng mga artista. Ang pagsusuring ito ay nagbibigay-tuon sa ____.
   A. elemento C. kahinaan
   B. sosyo-historikal D. kalakasan
2. "Tila ***"Lord of the Rings"*** ang halinang hatid ng tele-fantasyang "**Encantadia**" dahil sa ginamit na magandang biswal dulot-ng makabagong teknolohiya at animasyon." Binigyang tuon dito ang elementong _____ ng dulang pantelebisyon.
   A. disenyo C. tunog
   B. sinematograpiya D. acting o pagganap
3. Mahusay na nagampanan ni Sylvia Sanchez ang karakter bilang si <u>Gloria</u> ***sa "The Greatest Love***", isang inang may *Alzheimer's Disease.*
   A. kahinaan C. kapintasan
   B. kalakasan D. sosyo-historikal
4. Naipakita sa "**Ang Probinsyano**" ang mga isyung tulad ng droga, kriminalidad at korapsyon na masasabing tunay na nangyayari sa lipunan. Ang pahayag na ito ay tumutukoy sa__________.


Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

A. kahinaan C. aral

B. kalakasan D. sosyo-historikal

5. Ang sumusunod ay nagsasaad ng mga kabutihang dulot ng pagsusuri sa ating mga pinanonood **MALIBAN** sa ____________.
   A. napatataas ang ating panlasa bilang manonood
   B. napipintasan natin ang sining na ginagawa nila
   C. naiuugnay natin ito sa mga nangyayari sa ating lipunan
   D. napaghuhusay pa ng mga gumagawa nito ang kalidad ng palabas

## Balik-tanaw

**Panuto:** Mahilig ka bang manood ng mga palabas o programa sa telebisyon? Isa-isahin ang mga sinusubaybayan mo at ipaliwanag kung bakit mo naibigan ang mga ito. Gawin ito sa kwaderno.

| ***Pamagat ng Programa o Palabas*** | ***Bakit mo ito naibigan?*** |
|---|---|
| | |
| | |
| | |

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Isa sa mga karagdagang makrong kasanayan na dapat bigyang-diin at masasabing kinagigiliwan at pinakagamitin ng mga mag-aaral sa loob at labas ng klase ay ang **panonood**. Sa pamamagitan nito ay maraming kaalaman ang maaaring matamo kung mapag-uukulan ito ng pansin. Bukod sa mga natutunghayang panoorin sa *Social Media at mga Apps*, ang telebisyon aypangunahing *platform* pa rin na naghahanay ng iba't ibang uri ng palabas at programa na pinagkukunan natin ng mahahalagang aral at impormasyon.



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

**Panuto:** Basahin ang kasunod na teksto upang mapalawak pa ang iyong kaalaman.

## Ang Dulang Pantelebisyon

Bahagi na ng buhay ng mga Pilipino ang telebisyon. Isa ito sa pangunahing pinagkukunan ng impormasyon at nagsisilbing libangan ng marami. Tampok dito ang mga dulang pantelebisyon na halos araw-araw ay napapanood mula umaga hanggang gabi. Patuloy itong tinatangkilik ng mga manonood dahil naiuugnay nila sa sarili ang mga kuwentong matutunghayan dito.

Ang ***dulang pantelebisyon*** ay binubuo ng gumagalaw na mga larawan at tunog na lumilikha ng kapaligiran at mga karanasang malapit sa tunay na karanasan at pangyayari sa buhay ng tao. Mabisang nailalarawan ang mga ito sa tulong ng taglay nitong natatanging mga sangkap.

### Elemento ng Dulang Pantelebisyon

1. **KUWENTO AT TAUHAN -** ang pampanitikang sangkap ng dulang pantelebisyon na nagbibigay ng kuwento sa pamamagitan ng mga tauhan at ang kanilang mga aksyon. Ang "scriptwriter" ay ang may akda ng iskrip.
2. **DIREKSYON -** dito nagsisimula ang mga sangkap sinematiko ng dulang pantelebisyon kung saan ang direktor ang siyang may-akda ng mabubuong pelikula. Sa kumpas niya at ideya mabibigyan ng anyo ang isang kuwento upang mapanood ng madla
3. **DISENYO -** ang lahat na biswal na sangkap ng mapapanood kasama na ang set o tagpuan, kostyum, make-up, props, at pati na ang "visual effects."
4. **SINEMATOGRAPIYA -** ang paggamit ng kamera at lahat na makukuha ng kanyang paningin na magsasalarawan ng kuwento.
5. **EDITING -** ang pagtagni-tagni ng mga imahe para makabuo ng kuwento.
6. **TUNOG -** ang mga naririnig na mga elementong pandinig kasama na ang dayalogo, natural na tunog, o "sound effects."
7. **MUSIKA -** ang paggamit ng angkop na musika para magbigay damdamin sa mga eksena.



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

**8. ACTING o PAGGANAP -** ang pagbibigay-buhay sa mga tauhan sa kuwento sa pagganap ng mga aktor

Ang walong elementong ito ang siyang nagbibigay ng sinematikong katangian o nagpapaganda sa mga dulang pantelebisyon. Ang mga ito ang binibigyang pansin ng mga bumubuo o nagpoprodyus ng mga palabas sa telebisyon. Mahalagang masuri rin natin ang mga ito upang mapataas ang ating panlasa bilang manonood. Dagdag pa rito, ang pagpapataas sa kalidad ng mga nalilikhang palabas sa ating bansa.

Ayon kay Reyes (2002) ay mahalagang makita rin sa pagsusuri ang kontekstong Sosyolohikal/Historikal. Nangangahulugan itong sinasalamin rin ng mga dulang pantelebisyon ang mga isyu o suliraning panlipunan. Na ang mga ito ay hindi lamang palabas na nakakalibang kundi bunga rin ng kasaysayan at mga katotohanan sa buhay ng tao at lipunan.

Batay sa ginawang pagsusuri ni Sanchez (2016) tungkol sa mga pinakamahuhusay na teleserye, "Mabuti ang isang teleserye kung tumutulong itong maipaunawa sa madla ang mga katotohanan ng kasalukuyan. Mabuti ang pagganap kung nagtatanghal ito ng makatotohanang pagsasalaysay ng kilos, saloobin, at motibasyon ng kasalukuyan."

Sa madaling salita, upang mapahalagahan ang mga dulang pantelebisyon ay mahalagang masuri ang kalakasan (magagandang punto) at kahinaan (bahagi na dapat pang pagbutihin) batay sa mga elemento nito at kontekstong Sosyo-Historikal.

## Mga Gawain

**Gawain 1: Tele-*Suri***

**Panuto:** Pumili ng isang dulang pantelebisyon na iyong napanood at suriin ito batay sa sumusunod na pamantayan. Gawin ito sa kwaderno.

**A. Pamagat:** ______________________________

**B. Buod:** ______________________________



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

**C. Kalakasan:** Itala ang magagandang katangian at bahagi ng napanood batay sa mga elemento ng dulang pantelebisyon. ____________________________________________

____________________________________________

**D. Kahinaan**: Ibigay ang iyong mungkahi sa mga napansin mong dapat pang pagbutihin sa napanood. ____________________________________________

____________________________________________

**E. Kontekstong Sosyo-Historikal**: Isa-isahin ang mga pangyayaring inilahad sa palabas na may kaugnayan sa mga nagaganap sa kasalukuyan at maituturing na bunga o sibol ng ating kasaysayan.

____________________________________________

____________________________________________

**F. Kaisipang Natutuhan:** ____________________________________________

____________________________________________

**Gawain 2: Suri*Saysay***

**Panuto:** Magbigay ng mga eksena mula sa mga napanood na dulang pantelebisyon batay sa sumusunod na kontekstong sosyo-historikal.

| ***Kontekstong Sosyo-Historikal*** | ***Dulang Pantelebisyon*** |
|---|---|
| Naglalarawan sa kalagayan ng mga Pilipinong nakikipagsapalaran sa ibang bansa. | |
| Inilalantad ang mga suliranin sa lipunan tulad ng korapsiyon, kriminalidad, droga at karahasan. | |
| Ipinakikita ang mga pagpapahalagang Pilipino sa larangan ng pamumuhay, kultura at tradisyon. | |
| Ipinakikilala ang kasaysayan, magagandang tanawin at mga katangi-tanging Pilipino. | |



**Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.**

| | |
|---|---|
| Isinusulong ang pagkakapantay ng mga kasarian, pangkat-etniko, relihiyon at may kapansanan. | |
| Inilalahad ang kahalagahan ng pagiging matatag, pagkakabuklod-buklod at pagmamahalan ng isang pamilya. | |

## Tandaan

Ang ***dulang pantelebisyon*** ay binubuo ng gumagalaw na mga larawan at tunog na lumilikha ng kapaligiran at mga karanasang malapit sa tunay na karanasan at pangyayari sa buhay ng tao. Mabisang nailalarawan ang mga ito sa tulong ng taglay nitong natatanging mga sangkap o elemento. Upang mapahalagahan ang mga dulang pantelebisyon ay mahalagang masuri ang ***kalakasan*** (magagandang punto) at ***kahinaan*** (bahagi na dapat pang pagbutihin) batay sa mga elemento nito at ***kontekstong Sosyo-Historikal.***

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto:** Paano mo gagamitin at lilinangin pa ang iyong kasanayan sa panonood upang patuloy na magkaroon ng kamalayan sa lipunang iyong ginagalawan?

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto:** Piliin ang **TITIK** ng tamang pagsusuri sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa iyong kwaderno.

1. Kapani-paniwala ang pag-arte ni Kris Bernal bilang si Tinay sa ***"Little Nanay"*** na isang dalagitang ina na puno ng kawalang-malay at pag-asa. Tuon ng pagsusuri ang _______________.

   A. direksiyon  C. musika
   B. acting o pagganap  D. sinematograpiya

2. Lumaki sa pangangalaga ng lola ang may karamdamang dalagitang si Tinay na naging "***Little* Nanay"** dahil sa pananamantala ng isang kaibigan. Ang elementong pinagtutuunan sa pagsusuri ay _____________.

   A. kuwento at tauhan  C. acting at pagganap
   B. sinematograpiya  D. direksiyon

3. Hindi malilimutan ang magandang kuwento at mahusay na pagganap ng mga artista sa seryeng "**Pangako Sa'yo**". Nakatatak na ito sa kasaysayan ng telebisyon. Ang tuon ng pagsusuri ay _____________.

   A. elemento  C. kahinaan
   B. sosyo-historikal  D. kalakasan

4. Ang tele-fantasyang "**Encantadia**" ay nagpakita ng magandang biswal sa tulong ng makabagong teknolohiya at animasyon. Binibigyang tuon dito ang __________.

   A. Disenyo  C. Tunog
   B. Sinematograpiya  D. acting o pagganap

5. "Makikita sa eksenang sinasabayan ng mga kaanak ni Cardo sa pagsigaw ng hustisya ang maraming balo at naulila ng tinatawag na *extra-judicial killings*." Ipinakikita rito ang kontekstong ____________.

   A. politikal  C. romantiko
   B. sosyo-historikal  D. pampamilya

6. Katangi-tangi ang pagganap ni Sylvia Sanchez bilang si Gloria sa ***"The Greatest Love"*** na isang inang may *Alzheimer's Disease*. Ang tuon ng pagsusuri ay _____.

   A. kahinaan  C. kapintasan
   B. kalakasan  D. sosyo-historikal


Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

7. Naipakita sa **"Ang Probinsyano"** ang iba-ibang usapin tulad ng droga at korapsyon na masasabing tunay na nangyayari sa lipunan. Ang tuon ng pagsusuri ay _____.

   A. kahinaan
   B. kalakasan
   C. sosyo-politikal
   D. sosyo-historikal

8. Pinagkatuwaan sa *Social Media* ang ilang eksena mula sa mga seryeng hindi mahusay ang *animation* at *special effects* na ginamit. Ang tuon ng pagsusuri ay _____________.

   A. kahinaan
   B. kalakasan
   C. aral
   D. sosyo-historikal

9. Ang sumusunod ay mga kabutihang dulot ng pagsusuri sa ating mga pinanonood na dulang pantelebisyon, **maliban** sa ________________.

   A. napatataas ang ating panlasa bilang manonood
   B. napipintasan natin ang sining na ginagawa nila
   C. naiuugnay natin ito sa mga nangyayari sa ating lipunan
   D. napaghuhusay pa ng mga gumagawa nito ang kalidad ng palabas

10. Bilang mag-aaral, paano mo malilinang ang iyong kasanayan sa panonood?

   A. Panonood upang maaliw at malibang lamang
   B. Panonood batay sa kung ano ang *trending* sa *social media*
   C. Pagiging mapanuri at pag-uugnay nito sa sarili at lipunan
   D. Pakikipagtalo sa iba upang ipaglaban ang sariling opinyon sa napanood

## Papel sa Replektibong Pagkatuto

**Panuto:** Mula sa mga natutuhan sa aralin, dugtungan ang mga sumusunod upang mabuo ang diwa ng pahayag. Gawin ito sa kwaderno.

**Sa tingin ko** ____________________________________________

**Akala ko** ____________________________________________

**Napagtanto ko** ____________________________________________



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.

## Sanggunian

Reyes, Soledad "Ang Historikal/Sosyolohikal na Pananaw," *Kritisismo: Mga Teorya at Antolohiya para sa Epektibong Pagtuturo ng Panitikan* (Lungsod Pasig: Anvil Publishing Inc., 1992), 28.

http://centerfornewcinema.net/seminars-and-workshops/pagsulat-ng-dulang-pelikula

https://louiejonasanchez.com/tag/teleserye/

https://philnews.ph/2019/09/04/ano-ang-dulang-pantelebisyon-ang-kahulugan-at-mga-palabas/

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

1. D
2. A
3. B
4. D
5. B

**Gawain 1**

*Nakabatay sa sariling pagsusuri sa napanood na dulang pantelebisyon ng mag-aaral*

**Gawain 2**

*Nakabatay sa mga napanood na dulang pantelebisyon ng mag-aaral*

**Pangwakas na Pagsusulit**

1. B
2. A
3. D
4. A
5. B
6. B
7. D
8. A
9. B
10. C



Pag-aari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.